フィリピン語

Magpalaki ng batang bilingual

Mga ama at ina mula sa banyagang bansa,
ang inyong ginagamit na wika ay kayamanan para sa inyong anak

バイリンガルを育(そだ)てる

外国(がいこく)から来(き)たお父(とう)さん，お母(かあ)さん，
あなたが話(はな)している言語(げんご)は子(こ)どもにとって宝(たから)です

Ang maganda sa pagiging isang bilingual

● Bakit magandang maging mahusay sa dalawang wika?

Ang bilingual ay isang taong mahusay sa dalawang wika. Kung ihahambing sa isang monolingual na taong isang wika lamang ang alam, sinasabi na kadalasan ang bilingual na tao ay may kakayahang i-angkop ang pag-iisip at masagana ang likhang-isip. Halimbawa, sa isang pagsubok na sinabihang isulat ang iba't-ibang magagawa na gamit ang isang klip, ang mga bilingual na tao ay nakapagbigay daw ng maraming hindi pangkaraniwang sagot. At ang mga bilingual na tao, dahil mahusay umintindi at sumuri ng wika, ay madaling matuto ng pangatlo pang wika. Maliban dito, nagiging mahusay silang umintindi kung ano ang nais ipahiwatig ng kausap, sinasabi rin na wala silang kiling ukol sa mga taong iba ang wikang ginagamit. Ang mga taong natutong maging mahusay sa dalawang wika ay nagiging mamamayan ng mundo hindi lamang sa wika pati na rin sa pag-iisip, siguro makakakilos sila na nalalampasan ang mga sagabal ng mga bansa at mga hangganan nito.

● Kailangan ba ang dalawang wika upang mabuhay sa Japan?

Ang wika ay isang bagay na nakakapag-ugnay ng isang pamilya. Kung pagsisikapan lamang na matuto ng wikang Hapon dahil nasa Japan, malilimutan agad ng mga bata ang ibang wika maliban sa wikang Hapon, hindi na makakagamit ng ibang wika upang makipag-usap sa pamilya. Sinabi ng isang tao na hindi na makapag-salita ng wika ng kanyang ina na [Gusto ko sanang sabihin sa ina ko ang aking mga problema pero hindi ko mapaliwanag ang magulo kong pakiramdam. Hindi ko maipahiwatig ang nararamdaman ko sa taong pinaka-nais kong maka-unawa sa akin. Nakakapag-usap naman kami ng mga madadaling bagay pero masakit sa kalooban ko na hindi kami nakakapag-usap ng mga makahulugang bagay]. Kailangan na matutunan ang wika ng isang lugar ngunit mahalaga rin ang isang wika na makaka-ugnay sa pamilya.

● Mahirap ba ang maging isang bilingual?

Hindi natatangi ang pagiging isang bilingual. Ang pagiging bilingual ay ang paghiwa-hiwalay ng ginagamit na salita. Kapag nasa loob ng bahay gamitin ang mga salita ng bahay, kapag nasa paaralan gamitin naman ang salita ng paaralan. Kapag kausap ang ama, gamiting ang salita ng ama, kapag kausap naman ang ina gamitin din ang salita ng ina. Sinasabi na sa tuluyang paghiwalay ng ginagamit na salita tulad nito, natututong maging mahusay sa dalawang wika.

バイリンガルのすすめ

● なぜ二つの言語を習得するとよいのか？

バイリンガルとは二つの言語を習得した人のことです。一つの言語しかできないモノリンガルに比べて，バイリンガルは一般に思考に柔軟性があり創造力が豊かであると言われています。例えば，クリップを使ってできることをできるだけたくさん書き出すというテストでは，バイリンガルの方が多様でユニークな答えを出すそうです。また，バイリンガルは言語の理解，分析に優れているため，三つ目の言語を習得するのにも有利だとされています。さらに，相手が何を求めているのかがよく分かるようになる，違う言語を話す人に偏見をもたない等とも言われています。二つの言語を習得した人は，言語だけでなく考え方も国際人になり，国籍や国境を超えて活躍できるようになるでしょう。

● 日本で生きていくのに二つの言語は必要か？

言語は家族をつなぐものです。日本にいるからといって日本語だけに力を入れていると，子どもはすぐに日本語以外の言語を忘れてしまい，日本語以外の言語を話す家族との会話が成り立たなくなってきてしまいます。母親の言語が話せなくなってしまったある人は，「母に悩みを聞いてもらいたいのだけれど複雑な気持ちが表現できない。一番分かってもらいたい人に心が伝わらない。簡単な会話はできても親と深い話し合いができないのはとてもつらいこと」と言っています。その土地の言語を習得することも必要ですが家族をつなぐ言語もとても大切です。

● バイリンガルは難しいこと？

バイリンガルは特別なことではありません。バイリンガルはつまりは言葉の使い分けです。家にいるときは家の言葉で，学校にいるときは学校の言葉で話す。お父さんと話すときはお父さんの言葉で，お母さんと話すときはお母さんの言葉で話す。そんな使い分けを続けることが，二つの言語を習得することにつながると言われています。

May malalim na kaugnayan ang paglaki ng bata at ang wika

● Isabay ang pagpalaki sa bata at ang pagpahusay sa dalawang wika

(1) Panahon ng pagkabatang maliit (0~4 na taong gulang)
Ito ang napakahalagang panahon sa paggawa ng pundasyon ng pagsasalita. Kausapin madalas ang bata na gamit ang wikang pinaka-mahusay ang kakayahan ng magulang. Dahan-dahan na ipasok ang wika na hindi wika ng magulang.

(2) Panahon na pumapasok sa kindergarden o nursery school (5~6 na taong gulang)
Ito ang panahon na nakikipaglaro na ang bata sa mga kaibigan. Sa panahong ito, natural na matatandaan ng bata ang mga salitang ginagamit ng magulang at ang mga salitang ginagamit ng kaibigan. Pahalagahan ang wika ng magulang at huwag magatubiling pahusayin ang kakayahan sa isa pang wika.

(3) Unang bahagi ng panahon sa elementarya (7~8 taong gulang)
Ito ang mahalagang panahon na uumpisahan ang pundasyon ng pagbasa at pagsulat. Sa panahong ito, napakahalaga ang madalas na pag-uusap ng mag-ina o mag-ama na gamit ang wika ng magulang. Ito ang magiging pundasyon ng pag-aaral ng bata sa wika ng magulang.

(4) Huling bahagi ng elementarya (9~12 taong gulang)
Naguumpisa nang tumayo ng sarili niya ang bata, napupukaw na ang kanyang pagiging makasarili. Magkakaroon na siya ng interes sa iba't-ibang bansa at sa kultura kaya maganda na magbiyahe upang maranasan niya ang iba't-ibang wika at mga kultura.

(5) Panahon na nasa junior high school (13~15 taong gulang)
Ito ay napakahalagang panahon na magka-ugat sa lugar sa pamamagitan ng buhay sa paaralan. Huhusay na ang kakayanan ng bata sa wikang ginagamit sa paaralan, mahalaga ang pagbuo ng kaugnayan sa mga kaibigan.

● Ang napag-aralan na gamit ang isang wika ay makakatulong din sa isa pang wika

Kahit na dalawang naiibang wika, sinasabi na pareho ang sumusuportang pundasyon na kaalaman sa kanila. Ang napag-aralan na gamit ang isang wika ay makakatulong din sa isa pang wika. Madalas kausapin ang bata na gamit ang wikang magaling ang magulang, ang pagpalaki sa bata ng mahusay ay hihimok sa paghusay niya sa isa pang wika.

子どもの発達と言語には深い関係があります

●子どもの発達に合わせて，二つの言語を育てましょう

（1）子ども時代（0歳～4歳）
言葉の基礎を作るもっとも大切な時期です。親がいちばん自信のある言語でたくさん子どもに話しかけましょう。親の言語とちがう言語には徐々に触れさせてください。

（2）幼稚園・保育園時代（5歳～6歳）
友達といっしょに遊ぶようになる時期です。この時期には親の使う言語と友達の使う言語を自然に覚えます。親の言語を大切にし，もう一つの言語はあせらずに伸ばしましょう。

（3）小学校前半（7歳～8歳）
読み書きの基礎ができる大事な時期です。この時期に親の言語で親子がよく話すことがとても大切です。親の言語を子どもが身につける基礎になります。

（4）小学校後半（9歳～12歳）
自立心が旺盛になり，自我の目覚めが起こります。いろいろな国や文化に興味が出てきますから，旅行に出かけたり，いろいろな言語や文化に触れさせることが効果的です。

（5）中学校時代（13歳～15歳）
学校生活を通して，その土地に根を下ろす大切な時期です。学校で使う言語の能力を伸ばし，友達関係を作ることが重要です。

●一つの言語で学習したことはもう一つの言語にも役に立ちます

二つの別々の言語でも，それを支える基盤の能力は共通であると言われています。一つの言語で学習したことは，もう一つの言語での学習にも役に立ちます。親の得意な言語でたくさん話しかけ，しっかり子どもを育てることで，もう一つの言語の発達も促すことができます。

Mahalaga ang komunikasyon sa pagitan ng magulang at anak

● Gawing karaniwan ang komunikasyon!

Ang pagiging mahusay ng kakayanan ng bata sa dalawang wika ay naguumpisa sa araw-araw na komunikasyon sa pamilya.
Malaki ang posibilidad na ang tinuturo ng magulang sa bata at ang nasa isip ng bata ay naiiba. Halimbawa, hindi maganda ang gawa ng bata sa [pakikinig] na bagong pinag-aaralan sa wika kaya akala ng magulang ay mahirap ito, ngunit sa katotohanan ang bata ay nahihirapan dahil [hindi niya masabi ang gusto niyang sabihin]. O kahit napansin na ng magulang na nahihirapan ang bata sa kanyang wika, maaaring ang bata ay hindi ito napapansin. Kahit na ginagamit ng magulang ang sarili niyang wika sa loob ng bahay dahil nais niya matutunan ng mga anak niya ang kanyang wika, maaaring ayaw ito ng mga anak.
Karaniwan na pag-usapang mabuti sa pamilya ang gagawin, pahalagahan ang iniisip ng bawat isa.

● Sikapin lamang ng magulang na wala siyang kinikilingan

Ang kalooban ng magulang ay nakaka-apekto sa anak, kailangang ang sapat na pag-iingat kapag kasama ang bata. Ang bata ay naniniwala kahit sa kaunting reklamo o kilos ng magulang. Kapag ayaw ng magulang sa isang naturang bansa, malamang aayawan din ng bata ang nasabing bansa tulad sa kanya. Ang resulta nito ay hindi huhusay ang bata sa pagsalita ng wika ng bansang ito, at hindi rin kataka-taka kung ayaw ng bata na makipag-ugnayan sa mga tao ng nasabing bansa.

● Basahan ng maraming aklat na malarawan

Para sa batang maliit, mahalaga na basahan siya ng aklat na malarawan. Sa pagbasa ng aklat na malarawan ang bata ay tinitignan ang mga larawan, makikinig siya dahil ang nagbabasa ay isang taong kanyang pinagkakatiwalaan. Ito ay nakakahimok sa interes, likhang-isip at kakayahan sa wika ng bata. Nakakapag-mahinahon din ito ng pakiramdam. Basahan ng maraming aklat na malarawan sa wikang nais maging mahusay ang bata, patubuin ang kakayanan sa wika at puso ng bata.

親子のコミュニケーションが大切です

● 普段からコミュニケーションを！

子どもが二つの言語の力を伸ばすためには，日頃からの家族のコミュニケーションが重要です。
親が子どもについて考えていることと，実際に子どもが思っていることは違う可能性が十分あります。例えば，親は子どもが新しく学ぶ言語の「聞き取り」ができないので大変だと思っていますが，実際には子どもは「言いたいことが言えない」ことに悩んでいるかもしれません。また，親は，子どもが親の言語が苦手だと気付いていても，子どもはそのことに気付いていないかもしれません。親は子どもに親の言語を身につけてほしいと思っていて，家庭でその言語で話そうと思っていても，子どもはそうしてくれないかもしれません。
日頃から家族でよく話し合い，お互いの思いを大切にしましょう。

● 親が偏見を持たないようにしましょう

親の態度は子どもに影響するので，子どもに接するときは十分に注意することが必要です。子どもは親のちょっとした愚痴や態度をそのまま信じてしまいます。親がある国のことを嫌いだと思ったら，子どもも同じようにその国がきらいになってしまうかもしれません。その結果，その国の言語がうまく話せず，その国の人と付き合うのがいやになることも珍しくありません。

● 絵本をたくさん読んであげましょう

幼児に対しては，絵本の読み聞かせが重要です。絵本の読み聞かせでは，子どもは絵を見ながら，信頼できる大人が文章を読んでくれるのを聞きます。これによって，子どもの興味，想像力，言語力が刺激されます。子どもの気持ちを落ち着かせることもできます。伸ばしたい言語でおもしろい絵本をたくさん読み聞かせ，子どもの言語と心を育てましょう。

Palakihin ang isang bilingual na bata sa pamamagitan ng araw-araw na kaugalian sa pamilya

● Ipahiwalay sa bata ang paggamit ng wika

Kapag iba ang ginagamit na wika ng ina at ama, gamitin ng bawat magulang ang sariling wika sa bata kapag ito ay kinakausap, ipaalam sa bata na ang dapat niyang gamitin wika ay ang wikang ginagamit kapag siya ay kausap.

● Iwasan ang pagbigay ng salin-wika sa ginagamit na salita

Halimbawa, kapag nagtanong ang bata na [Ano ang “isu 椅子”?] at tinuruan siya na [“silya” yan] sa ibang wika, ang pagintindi niya ng “isu 椅子” na wikang Hapon ay magiging malabo. Dahil ang tinutukoy na “isu 椅子” at “silya” ay hindi pareho.



● Bantayan ang proseso sa pag-aaral ng bata ng wika

Ang bata ay natututo ng wika at napag-aaralan ang kultura sa kanyang araw-araw na pamumuhay sa bahay at paaralan. Dapat bantayan ng magulang ang itsura ng bata at kapag mukhang siya ay nahihirapan, mahalaga na huwag mag-atubiling siya ay bigyan ng suporta.

● Ang magulang ay isang modelo para sa bata

Ang bata ay natututo ng wika sa pakiki-ugnay niya sa kanyang mga magulang. Naaalala ng bata ang mga salita sa pagdinig niya sa salitang ginagamit ng magulang, ang narinig niyang salita ay kanyang ginagaya, at pagkatapos ito ay kanyang ginagamit. Maganda ang epekto sa bata kapag matatag ang loob na ginagamit ng magulang ang sariling wika. Maliban dito, papel din ng magulang ang ipakita sa anak kung papaano makipag-ugnay sa mga tao, paano makipag-usap o makipag-ugnay sa taong nakakataas ang kalagayan, at paano kumilos sa loob ng lipunang kinaroroonan.

● Gawing layunin ang komunikasyong ng magulang at anak na mataas ang kalidad

Napakahalaga ng komunikasyon sa pagitan ng magulang at anak. Kahit na napapagod a trabaho, sikapin na maharap at makausap ang anak kahit na maikling panahon lamang. Maganda na gamitin ang mga pangyayari sa araw sa pag-uusap tulad ng [Anong pinag-aral ninyo kanina? Anong nilaro mo kanina?]. Malalaman ninyo ang kalagayan ng inyong anak, kung masaya ba siya sa paaralan, kung may problema ba siya, at kung may problema mabibigyan agad ito ng kalutasan.

バイリンガルは家族の毎日の習慣で育ちます

● 子どもに言語の使い分けをさせましょう

母親が使う言語と父親が使う言語が違う時，親は自分の言語で子どもに話しかけ，子どもには親が話しかけた言語で話すように伝えましょう。

● 言葉を翻訳しないようにしましょう

たとえば「『椅子』ってなに？」と子どもが聞いてきた時に「chairのこと」と別の言語で教えてしまうと，「椅子」という日本語についての理解を曖昧なものにしてしまいます。「椅子」とchairの指す内容は同じではないからです。

● 子どもが言語を習得していく過程を見守りましょう

子どもは家庭や学校での日常生活を通して言語を習得し文化を学んでいきます。親は子どもの姿を見守り，困っている時にはさりげなくサポートすることが大切です。

● 親は子どもにとってお手本です

子どもは，親との関わりを通して言語を身に付けていきます。親が使う言葉を聞き，聞いた言葉の真似をし，実際に使って覚えていくのです。親が自分の言語で自信をもって話すことは子どもに良い影響を与えます。また，人との関わり方や目上の人への話し方や接し方等，社会の中で生きていくすべを伝えることも親の役割です。

● 質の高い親子のコミュニケーションを目指しましょう

親子のコミュニケーションはとても大切です。仕事で疲れているときも，短時間でも子どもと向き合って話すことを心掛けましょう。「今日は何を習ったの？何をして遊んだの？」とその日のことを話題にするのも良いことです。その中で子どもの状態を知り，学校で楽しく過ごしているのか，悩んでいることがあるのか等に気づき，問題がある場合には対応することもできるでしょう。

Dapat pag-isipan lamang ng bawat pamilya ang wika at edukasyon ng anak

● Pagpasiyahan ng pamilya ang planong susundin

Ang pagturo ng wika sa anak ay isang mahalagang papel ng mga magulang. Kung walang napasiyahan ang mga magulang na plano, ang anak ay maguguluhan. Pag-usapan ng husto sa pamilya at pasiyahan ang susunding plano.

● Ang bata ay mag-aaral sa pamamagitan ng edukasyon sa paaralan

Isang pang mahalagang katungkulan ng mga magulang ang papasukin sa paaralan ang anak, ito rin ay mabibigay ng isang malaking kapasiyahan. [Gusto kong papasukin ang anak ko sa paaralan ng bayan], [Gusto kong papasukin ang anak ko sa International School], atbp, maraming mapagpipilian, at marahil ang pasiya ng bawat pamilya ay iba-iba.

Ang mga sumusunod ay ilang mga tunay na halimbawa kung ano ang pag-iisip at pasiya tungkol sa edukasyon ng anak ng pamilyang hindi pareho ang nasyonalidad ng mag-asawa.

・Kung iisipin na ang anak ay papasok sa kolehiyo ng Japan sa hinaharap, naisipan nila na papasukin ang anak sa karaniwang paaralan ng Japan.

・Nais na matutunan ng husto ng anak ang wika ng magulang kaya nagpasiya na papasukin ang anak sa paaralan ng bansa ng magulang.

Iba-iba ang mahalaga para sa bawat pamilya at iba-iba rin ang pag-iisip ngunit lahat ay nagpapasiya para sa kabutihan ng kanilang anak. Kahit ano mang pag-iisip o pasiya, para sa anak ito ay napakahalaga.

● Magtulungan ang buong pamilya

Ang mga bata ay papasok sa paaralan ng lugar na pinili ng magulang na mamuhay. Sa pamamagitan ng buhay sa paaralan, mapag-aaralan ng mga bata ang wika at kultura ngunit ang kanilang hirap na dadanasin ay mas mahirap pa sa inaakala ng mga magulang. Kahit ganunpaman, ang bawat bata ay kailangang magsikap sa sariling lakas at sa sariling tulin sa lugar na iyon.

Ang makakapag-suporta sa pagsikap na ito ng bata ay ang kanilang ama at ina, at ang nagiging lakas nila upang sumikap ay manggagaling din sa kanilang ama at ina.

Ang ama at ina na galing din sa banyagang bansa ay nakakaranas din ng iba't-ibang hirap. Kailangan na magtulungan ang buong pamilya.

それぞれの家庭で，子どもの言語と教育について考えましょう

● 家族で方針を決めましょう

子どもの言語を育てることは親の大切な役割です。親の方針が決まっていないと，子どもは迷います。家族でよく話し合って方針を決めましょう。

● 子どもは学校教育を通して学んでいきます

学校で教育を受けさせることは，親の大切な役割であり，また大きな選択を迫られるものでもあります。「地域の学校に通わせたい」「インターナショナル・スクールに通わせたい」等，子どものための選択肢は数多くあり，結果として選択するものも各家庭によって様々でしょう。

国際結婚をした家庭が子どもの教育についてどのように考え，選択してきたのかについて，実体験を紹介します。

・子どもが将来日本で大学に進学することを考えると，日本の学校に通わせることが良いと思った。

・親の言語をきちんと身に付けてほしいと考え，親の出身国の学校に通わせることにした。

それぞれの家庭で大切にしたいと考えたことは異なりますが，どれも子どものための選択です。どの考え方も選択も，子どものためには大切なものです。

● 家族みんなで協力しましょう

子どもたちは親が生活することを選択した場所で学校教育を受けることになります。学校生活を通して子どもたちは言語や文化を学んでいくのですが，親の想像以上に大変で苦労をすることもあるでしょう。それでも子どもたちは，その場所で，一人ひとりが自分の力で，自分のペースで頑張っていかなければなりません。

そんな子どもたちのがんばりを支えてあげられるのはお父さん，お母さんであり，子どもたちのがんばる力になっているのも，お父さん，お母さんです。

お父さん，お母さん自身も外国から来て大変なことが多いと思います。家族全員で協力しあうことも必要です。

Gumawa ng mga kaibigan na nakakapagsalita ng ibang wika maliban sa wikang Hapon!

● Mahalaga ang makipag-ugnayan sa mga kaibigan na galing sa sariling bansa.

Ipagpatuloy ang komunikasyon sa mga kaibigan at kamag-anak sa sariling bansa sa pamamagitan ng pagpalitan ng e-mail, SNS, pagtawag sa telepono o video phone, atbp. Kapag nakatira sa Japan at hindi halos ginamit ang sariling wika, ito ay malilimutan kaya mahalaga na gamitin ito ng tuluyan. Magsaya habang natututo, ito ay napakahusay na paraan.

● Paano matatagpuan ang mga dayuhang nakatira sa Kyoto?

Nalulungkot ba kayo dahil sa inyong paligid ay wala kayong makausap na taong marunong magsalita ng inyong wika? Kung maghanap kayo maaaring makakita kayo ng taong ganoon din ang kalagayan. Ipapakilala namin sa inyo ang ilang mga lugar sa Kyoto na nag-iipon-ipon ang mga tao mula sa iba't-ibang bansa.

・Kyoto Prefectural International Center
Nagbibigay ng mga nakakatulong na impormasyon sa pamumuhay, nagbibigay din ng mga klase para makapag-aral ng wikang Hapon.

・Kyoto City International Foundation
Sa Kyoto International Community House, may sanggunian tungkol sa batas at visa, may mga klaseng nagtuturo ng wikang Hapon, at sila ay nagbibigay suporta sa pag-aaral ng mga batang may kaugnayan sa banyagang bansa, atbp. Nagkakaroon din sila ng mga kaganapang may kaugnayan sa kultura ng buong mundo tulad ng taun-taong isinasagawang open day ng Kyoto International Community House.

・Kyoto City Networking Salon for Community Welfare and Multicultural Exchange
Nakarehistro ang iba't-ibang samahan, nagkakaroon ng iba't-ibang aktibidad tulad ng kasayahan, pyesta, pagtuturo ng mga luto ng ibang bansa, atbp. Makikita sa homepage ang listahan ng mga samahang nakarehistro kaya malalaman kung anong mga uri ng samahan ang kasali.

・Kikoku Tonichi Jidou Seito Tsunagaru Kai (Samahan na nag-uugnay sa mga mag-aaral na umuwi ng Japan galing ibang bansa, mga mag-aaral na may lahing dayuhan, atbp.) ng Kyoto University of Education
Sa panahon na may mahabang bakasyon, ang mga bata na may lahing dayuhan ay nag-iipon upang maglaro at mag-aral.

日本語以外の言語で話せる仲間を作りましょう！

● 出身国の友人との交流を大切に！

メールやSNS，電話やビデオ通話などを通して，出身国の友人，親戚との交流を続けましょう。日本で生活していてその言語を使わなくなってしまうとすぐに忘れてしまうので，使い続けることが大切です。楽しみながら学べる，効率の高い方法です。

● 京都に住む外国人に出会うには？

周りに自分の言語で話せる人がいなくて寂しい思いをしていませんか。探してみるとそう思っている人が他にもいるかもしれません。京都で様々な国の人が集まる場をいくつか紹介します。

・京都府国際センター
生活に役立つ情報を紹介したり，日本語教室を開いたりしています。

・京都市国際交流協会
京都市国際交流会館では，法律ビザ相談や日本語教室，外国につながる子どもたちのための学習サポートなどを行っています。
毎年開催の国際交流会館open dayなど，世界の文化にふれるイベントも行っています。

・京都市地域・多文化交流ネットワークサロン
様々な団体が登録し，交流会やお祭り，世界の料理教室など，様々な活動を行っています。ＨＰの登録団体一覧からどのような団体が活動しているかを知ることができます。

・京都教育大学　帰国渡日児童生徒つながる会
大きな休みの期間に，外国にルーツをもつ子どもたちが集まって遊んだり，勉強をしたりしています。

Published by: Kyoto Prefectural International Center

B1F Mielparque Kyoto building, Shiokoji Sagaru, Higashinotoin dori, Shimogyo-ku, Kyoto 600-8216, Japan
Tel 075-342-5000　Fax 075-342-5050　Email: main@kpic.or.jp　URL: http://www.kpic.or.jp/

Authors

HAMADA Mari (Professor at Kyoto University of Education)
KUCHIISHI Rie (Graduate student at Kyoto University of Education)
SUGIMOTO Reina (Graduate student at Kyoto University of Education)
SUN Ying (Graduate student at Kyoto University of Education)

発行：公益財団法人　京都府国際センター

〒600-8216　京都市下京区東洞院通塩小路下る東塩小路町676番地13 メルパルク京都 地下１階
Tel 075-342-5000　Fax 075-342-5050　Email: main@kpic.or.jp　URL: http://www.kpic.or.jp/

執筆

浜田麻里（京都教育大学国文学科教授）
口石梨絵（京都教育大学大学院生）
杉本怜奈（京都教育大学大学院生）
孫　　螢（京都教育大学大学院生）

このパンフレットは、一般財団法人自治体国際化協会の助成事業により作成しました。